

ANG UTILITY DISCOUNT PROGRAM

Ang Utility Discount Program (UDP) ay naghahandog sa mga kwalipikadong customer ng 60% diskwento sa kanilang bayarin sa Seattle City Light at ng 50% diskwento sa kanilang bayarin sa Seattle Public Utilities. Ang UDP ay iniaalok sa mga residensyal na sambahayang kwalipikado batay sa kita.

BAGONG PATAKARAN PARA SA PAGSALI BATAY SA KITA MULA HUNYO 1, 2017:

Mula Hunyo 1, 2017, maaari nang ibawas ng mga kwalipikadong tagatanggap ng Social Security ang kani-kanilang mga bayad sa premium ng Medicaid Part B sa kabuuang (suma-total) kinikita ng kanilang sambahayan upang makasali sa Utility Discount Program.

PAANO MAG-APPLY:

- Opsyon 1: Punan at ipasa ang application na ito ngayong araw, dito mismo!
- Opsyon 2: Mag-sign up upang makipag-ugnayan sa inyo ang isang kinatawan ng UDP sa susunod na linggo.
- Opsyon 3: Kumuha ng application at ipadala sa koreo ang nasagutang form sa:
Utility Discount Program
810 3rd Avenue, Suite 440
Seattle, WA 98104
- Opsyon 4: Sagutan ang application kung kailan pinakamainam para sa iyo sa pamamagitan ng pagbisita sa:
www.Seattle.gov/HumanServices/Services-and-Programs/Utility-Discount-Program.

Kung mayroon kang mga tanong hinggil sa iyong application o kung gusto mo ng tulong, mangyaring makipag-usap sa isang kinatawan ng UDP na naririto o tumawag sa (206) 684-0268.

MGA KINAKAILANGAN PARA MAGING KWALIPIKADO SA TAONG 2017:

Upang maging kwalipikado para sa Utility Discount Program, dapat ay:

- Nagmamay-ari o umuupa ka ng isang bahay; kung ang iyong landlord ang nagbabayad ng lahat ng utility, maaari ka pa ring maging kwalipikadong makakuha ng tulong sa pagbabayad ng utility.
- May nakapangalan sa iyo na isang bill ng Seattle City Light at/o Seattle Public Utilities.
- Ang kabuuang (suma-total) kita ng iyong sambahayan sa nakalipas na buwan – matapos ibawas ang iyong premium sa Medicare Part B – ay napapaloob sa mga sumusunod na alituntunin:

Laki ng Sambahayan	Kabuuang Kita bawat Buwan	Kabuuang Kita bawat Taon
1	\$2,658	\$31,896
2	\$3,476	\$41,712
3	\$4,293	\$51,516
4	\$5,111	\$61,332
5	\$5,929	\$71,148
6	\$6,747	\$80,964
7	\$6,900	\$82,800
8	\$7,053	\$84,636
9	\$7,207	\$86,484
10	\$7,360	\$88,320
Bawat karagdagan	\$153	\$1,836